# Pagpupuri sa Bilangguan

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder TLF
Nobyembre 25, 2023

Hindi kailanman natin malalaman gaano katibay ang ating relasyon sa Diyos hanggang maharap tayo sa matinding pagsubok. Ang pinakamadilim na oras - ang hatinggabi natin, ay ang panahon kung kailan nasusubok ang ating pananampalataya. Naranasan nina Pablo at Silas ang hatinggabi sa dilim, maruming piitan, naaresto at inakusahan ng mali, paulit-ulit na hinagupit at itinapon sila sa piitan, na ang tanging dahilan ay ang katapatan at pagsunod nila sa ating Panginoong Hesukristo. Sila ay nagdasal at umawit ng papuri sa Diyos sa loob ng piitan; nang lumindol nang napakalakas, nayanig ang bilangguan, biglang nakalag ang tanikala ng mga bilanggo. Samakatwid, ang kapangyarihan ng hatinggabing papuri ay nakasisira ng kadena at nakabubukas ng pintuan (Mga Gawa 16:19-26).

**Mga Karanasan ng mga Tauhan sa Bibliya:**

**1. Sina Pablo at Silas**

**1.1. Palagi silang hinihikayat ng Banal na Espiritu.**
Hindi pinahintulutan ng Banal na Espiritu sina Pablo at Silas na mangaral sa Asya. Sa halip, inutusan silang pumunta sa Macedonia. Nagkaroon si Pablo ng isang pangitain: may isang lalaking taga-Macedonia, nakatayo at naki-usap sa kanya na pumunta sa Macedonia at tulungan sila. Agad silang sumunod sa Panginoon at ipinangaral ang Salita ng Diyos sa Macedonia at Filipos ng araw ng Sabat.

**1.2. Asahan ang magagandang bagay na mangyayari kung susunod sa plano ng Diyos.**
Sina Pablo at Silas ay isinugo ng Panginoon sa Filipos upang maglingkod, ngunit nang nagsimula silang pagpalain ng Panginoon, nagsimula rin ang diyablo sa kanyang gawaing guluhin at pigilan sila.

Isang araw, nasalubong nila ng batang babaeng alipin na inaalihan ng masamang espiritu na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihang makapanghula. Malaki ang kinikita ng kanyang panginoon dahil sa kanyang panghuhula. Nang utusan ni Pablo ang masamang Espiritu na lumayas sa aliping babae, galit na galit ang mga panginoon ng bata, kinaladkad at iniharap sila sa hukuman. Binugbog at sila'y ipinabilanggo. Kahit sa ganoong sitwasyon, patuloy pa rin silang nanalangin at umawit ng papuri sa Diyos. Ang mga kasama nila sa bilangguan ay nahikayat nilang maniwala kay Hesukristo (Mga Gawa 16:16-31).

**1.3. Ang buhay na ito ay hindi magiging malaya sa mga suliranin.** Lahat tayo ay isinilang na mahina at walang kalaban-laban at mabubuhay nang maikli at batbat ng hirap (Job 14:1). Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na may kapighatian dito sa sanlibutan. Gayunpaman, ang pagiging kaisa Niya ay nagbibigay sa kanila ng kapayapaan (Jn 16:33).

**1.4. Nananahan ang Diyos sa mga papuri ng Kanyang mga tao.** Ang Diyos ay nanahan sa ating mga papuri (Awit 22:3). Siya ay handang tumugon sa ating mga pagtawag sa Kanya. Lagi tayong magpuri sa Diyos anuman ang ating pinagdadaan.

**2. Haring Jehosapat**

**2.1. Ituon ang buong pagkatao sa Diyos sa halip na sa sarili.**
Si Jehosapat ay natakot sa isang labanang patungkol sa kanya. Kaya, ipinahayag niyang mag-ayuno ang lahat; tinipon niya sila para humingi ng tulong sa Diyos.

1. Ipinagkatiwala niya ang sitwasyon sa Diyos.
2. Humingi siya ng pabor sa Diyos dahil ang kanyang mga tao ay tao rin ng Diyos.
3. Kinilala niya ang kapangyarihan ng Diyos.
4. Pinuri niya ang kaluwalhatian ng Diyos.
5. Nagpahayag siya ng ganap na tiwala sa Diyos.

2.2. **Nagsasalita ang Diyos sa atin**. Bumaba ang Espiritu ng Panginoon kay Jahaziel at nagpropesiya siya sa sinabi ng Panginoon, "Huwag kang matakot at panghinaan ng loob sapagkat ang laban ay hindi sa inyo kundi sa Diyos," (2 Cro.20;14-23). Sa katunayan, tinalo nila ang mga kaaway at nagpuri sila sa Panginoon.

**Konklusyon**:
Lahat ng may hininga magpuri sa Panginoon. Ang lahat ng humihinga ay dapat magbigay ng papuri sa isang nagbigay ng hininga.

**Pagninilay:**
Paano mo mailalapat ang iyong natutunan sa ngayon sa isang tiyak na nangyayari sa iyong buhay?

**Scribes Ministry**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
website:https://lordsflock.org/digests
Tags:#Papuri #Pagsubok